BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

# PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Disyembre 13, 2022
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann, 415.760.0285

## Distrito ng Hangin, pinagmulta ang Tesoro Refining & Marketing Company

*Kumpanya, pinagbabayad ng $1,469,579 para sa mga paglabag kaugnay ng mga emisyon*

**SAN FRANCISCO –** Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ngayong araw na pinagmulta nito ang Tesoro Refining & Marketing Company ng $1,469,579 para sa mga paglabag kaugnay ng kalidad ng hangin sa refinery nito sa Martinez.

Para malutas ang kaso, kinailangan na malawakang imbestigahan ang mga pana-panahon at maiikling exceedance sa mga pamantayan sa emisyon ng hydrogen sulfide ng Distrito ng Hangin sa isa sa mga istasyon ng Tesoro para sa pagsubaybay sa ground level na nasa Waterfront Road sa kahabaan ng border sa pagitan ng refinery at ng Point Edith Wildlife Area, na humigit-kumulang dalawang milya mula sa anumang residensyal na zone. Ang hydrogen sulfide ay isang colorless na gas na kilala para sa masangsang na amoy nito na tulad sa “bugok na itlog” sa mga mababang concentration.

“Ang hindi magagandang amoy na nauugnay sa mga emisyon ng hydrogen sulfide ay puwedeng lubos na makaapekto sa kalidad ng buhay ng mga naninirahan sa mga komunidad malapit sa Refinery ng Tesoro,” sabi ni Sharon Landers, ang pansamantalang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Sa tulong ng mahihigpit na regulasyon at multang ipinataw sa Tesoro para sa mga paglabag nito kaugnay ng kalidad ng hangin, matitiyak na aayusin kaagad ng pasilidad ang mga isyu sa operasyon at maiiwasan ang mga paglabag sa hinaharap para maprotektahan ang kalusugan ng publiko.”

Natukoy sa imbestigasyon ng Distrito ng Hangin ang mga sanhi ng mga isyu sa emisyon, na kinabilangan ng mga tagas sa mga na-recover na oil tank, tagas sa wastewater treatment system, at kakulangan sa pamamahala ng wastewater pond.  Kasama rin sa multang inanunsyo ngayong araw ang ilang iba pang paglabag kaugnay ng mga emisyon. Sa ilang kaso, ang mga emisyon ng $H_2S$ dahil sa tagtuyot, na mula sa  Point Edith Wildlife Area, ay posibleng naging sanhi rin ng mga exceedance sa mga emisyon.

Bukod sa pagbabayad ng mga sibil na multa, inatasan ng Distrito ng Hangin ang Tesoro na iwasto ang mga isyu sa operasyon ng mga na-recover na oil tank at ganap na itigil ang paggamit sa mga ito sa pagtatapos ng 2024; magpatupad ng mga pagpapahusay sa istruktura at operasyon ng wastewater treatment system; magpatupad ng mga plano sa operasyon at pamamahala para maiwasan ang mga emisyon mula sa mga wastewater management system pond sa hinaharap; maglagay at magpatakbo ng bagong system para sa pagsubaybay sa ground level sa border ng refinery malapit sa komunidad

ng Clyde, para mas masubaybayan ang mga emisyon na posibleng nakakaapekto sa komunidad; at magsagawa ng mga imbestigasyon para matukoy ang puwedeng maging sanhi ng anumang posibleng exceedance sa emisyon sa monitor ng Waterfront Road sa hinaharap.

Kasama rin sa paglutas ng kaso ang pagpapataw ng multa para sa mga paglabag kaugnay ng mga emisyon sa site ng pagsubaybay sa Pacheco Slough ng Tesoro, na naganap habang nagsasagawa ang Tesoro ng kinakailangang soil remediation.

Naiwasto na ang lahat ng paglabag na kasama sa kasong ito.

Ang Distrito ng Hangin ay nagbibigay ng Mga Abiso sa Paglabag sa tuwing may nalalabag na partikular na regulasyon o panuntunan sa kalidad ng hangin ang mga pasilidad. Kadalasan, kinakailangan ng mga lumalabag na tumugon sa abiso sa loob ng 10 araw at magsumite ng paglalarawan ng mga gagawin nilang pagkilos para maiwasto ang problema. Ang mga pagkilos na ito ay puwedeng kabilangan ng agarang pagpapatigil sa ilang partikular na operasyon o pagbabago sa mga operasyon o kagamitan para makasunod.

Gagamitin ang lahat ng pondo mula sa multa para pondohan ang mga aktibidad ng Distrito ng Hangin gaya ng mga pagsisikap sa pag-iinspeksyon at pagpapatupad.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Spare the Air, pumunta sa www.sparetheair.org.

# # #

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*